

1

*You could have a change of heart,
If you would only change your mind
Instead of slammin' down that phone, Boy,
For the hundredth time...*

Bagaman maganda ang boses ng female vocalist ng bandang *Cool Peppers* na siyang nagpe-perform sa stage ng *The Bar*, wala sa pagkanta nito ang atensyon ni Shall. Tulad ng ibang parokyano ng bar and restaurant na iyon, sa suot na red mini-skirt, black tube blouse at net stockings ng dalagang singer siya nakatingin. Subalit di tulad ng iba, wala siya ni katiting na pagnanasa sa sexy kahit may kaliitang vocalista. Dahil hindi ito kundi isang mas matangkad at conservative manamit na babae ang nakikita niya sa pagkakatitig dito.

May pagkakahawig kasi ang kulay ng mga mata at hugis ng ilong ng asawa niyang si Stacey kay Pepper—ang band singer. Ngunit hanggang doon lang ang ipinagkapareho ng dalawa. Kahit pa sabihing

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

magkapatid sa ama—sa kilos, pananamit at ugali ay north and south ang pagkakalayo ng mga ito.

Unconventional and adventurous, may *take-me-as-I-am* attitude si Pepper habang si Stacey ay more the silent and serious type.

Without you

One night alone is like a year without you, Baby

College days nang makilala ni Shall si Pepper at unang meeting pa lang nila ay na-realize na nilang kindred spirits sila. Bukod sa pareho silang masayahin at makulit, pareho rin silang members ng dysfunctional families. Bukod doon, nasa uterus pa lang ay mahilig na silang dalawa sa arts and music.

Illegitimate child si Pepper ng isang sikat na movie actress noong early eighties sa isang US-based Filipino doctor. May asawa at anak na ang lalaki.

Fifteen years old si Pepper nang mamatay sa sakit na leukemia ang ina. Napilitang pumisan ang dalaga sa legal na pamilya ng ama na noon ay nagpasya na ring dito sa Pilipinas manirahan. Siyempre, hindi iyon nagustuhan ng tunay na asawa ng ama nito na isa ring

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

Pilipina. Bagaman hindi ito pinagmalupitan, cold and indifferent naman ang treatment na tinanggap nito mula sa babae. Maging sa ama ay ganoon din ang dinanas nito. Ang tingin dito ng yumao nang biyenan niya ay responsibilidad lang at isang malaking pagkakamaling muntik nang sumira sa pamilya nito.

There's a time and a place and a reason

And I know I gotta learn to believe in...

Produkto rin ng broken family si Shall, sa legitimate side nga lang. Pero sa tuwing magkasama sila ni Pepper, hindi nila pinag-uusapan ang mga batik sa buhay nila. Kapwa sila walang hilig sa drama. Comedy at adventures—o mas tamang tawaging misadventures ang forte nila. Ngunit sa kabila ng compatibility nila, ang nakatatandang kapatid nitong si Stacey ang pinakasalan niya. Desisyong di niya tiyak ngayon kung dapat bang ipagpasalamat o pagsisihan.

“Thank you! Thank you!” malapad ang ngiting bow ni Pepper. Dahil sa suot na tig-limang hikaw sa

magkabilang tainga, isama pa ang nasa ilong at kilay, animo'y kumikinang na ang mukha ng dalaga nang tamaan ng ilaw.

Maingay na kumalansing pa ang tig-walong silver bangles niya sa dalawang kamay nang kumaway sa audience. Napangiti siya nang humirit ang katabi.

“Before we go on to our next song gusto ko munang batiin ang dakilang bayani ko na si Shall Acosta!” umpisa ng lalaki. “Kundi sa paglayas niya, eh, wala sana akong trabaho ngayon!” ani Jhong. Ito ang pumalit kay Shall bilang male vocalist at lead guitarist ng banda nang umalis ang huli two years ago.

“Naliligaw lang dito 'yan pag pinapalayas ni Kumander. Kaya kung sinuman ho sa inyo ang may sama ng loob d'yan, pakikupkop muna. Don't worry, may anti-rabies vaccine na 'yan,” sakay ni Pepper.

Palakpakan at paswitan. May ilan pang babaeng costumer na nag-alok ngang ampunin si Shall. Nakangiting itinaas na lamang ng lalaki ang kopita nito.

“Anyway, sino ba sa inyo ang nagmahal pero sinaktan at iniwan lang? Taas ang kuyukot!” ani Pepper habang pumupuwesto ng upo sa top step ng

hagandang paakyat sa gitna ng stage.

Tawanan at hiyawan.

“Sige na nga, kamay na lang. Marami-rami na din palang mga sawi dito. Buti di ninyo pa naiisip mag-suicide, effective na population control ’yon.”

Sa tagal nang magkakasama ng banda—mahigit seven years na, memoryado na nila ang bawat senyas ng tutugtugin nila, although para sa audience ay walang ipinagkaiba ang bawat senyas na ’yon. Kaya nang sumenyas si Pepper ay agad in-intro ni Jhong ang kakantahin nito.

“This song is for all who got his or her heart broken. Shall, para din sa ’yo ito. I hope the message of this song will help clear your mind.”

Nakapikit na nag-hum si Pepper kasabay ng mabagal na mahinang musikang ini-intro ng *Cool Peppers*.

“Who let the dogs out? Woof! Woof!”

Palakpakan at tawanan.

Sumama si Shall sa barkada pagkatapos ng gig nila. Alas tres na ng umaga sila nakaalis ng bar. Pagdating sa apartment ng dalaga ay itinumba muna nila ang dalawang case ng *San Miguel Beer* bago

nagsipaghigaan.

Dalawa lang ang kuwarto sa bahay ni Pepper. Ang isa ay tinutulugan niya at ang isa pa ay tambakan niya ng kung anu-anong gamit. Naroon ang mga costumes niya sa teatro, drum set, photography equipments, painting tools at sculpting materials. Gaya ng nakagawian kapag inuumaga roon, sina Jhong, Shall, Toti, at AJ ay sa sala na lang bumulagta. Ang pinsan niya sa ina at pinaka-baby ng grupo na si Keempee ay nakisiksik sa kanyang kama.

Mag-a-alas-diez na nang gisingin si Pepper ng ringtone niyang *Don Romantiko* ni Vhong Navarro. Pikit ang isang matang kinapa niya sa ulunan ang nag-iingay na cellphone.

“Patigilin mo naman ’yan, Ate Pepper! Naiistorbo’ng wet dreams ko, eh...” angal ni Keempee nang di agad niya makapa ang aparato.

“Sira!” aniya na sa wakas ay nahagip din ang nagtagong phone.

“Hello?”

“Grace!” anang pamilyar na tinig ng half-sister niyang si Stacey. Isa ito sa tatlong tao na tanging

tumatawag sa kanya ng Grace.

Ang isa pa ay si Travis Daniels, ang kapatid sa ina ni Stacey. At ang huli ay si Dr. Felipe Montero—the man who sired her but whom she never called *father*. Ayon na rin sa kagustuhan nilang dalawa.

She could not even say that she grieved when he died two years ago. Naaksidente ang kotseng sinasakyan nito at ng asawang si Mrs. Claudia Montero. Mas nalungkot pa nga siya sa pagkawala ng huli. Bagaman malamig ang turing ng stepmother sa kanya sa duration ng three years ng paninirahan niya sa poder nito noon, never siya nitong tinawag na ‘Grace.’ Well, never naman talaga siya nitong tinawag sa pangalan, pulos ‘*Girl*’ o ‘*Child*’ lang. Na para bang kahit nagdalaga na siya ay ‘*ang batang anak sa labas ng asawa*’ pa rin ang tingin nito sa kanya.

Which she preferred more kaysa sa matunog na ‘Grace’—pangalang hango sa full name niyang Maria Graciana. Local version iyon ng pangalan ni Mary Grace, her beloved mother na kung magpatawag kahit sa kanya ay Maggi.

“Stacey! What’s up?”

“Sorry if I disturbed you. Itatanong ko lang kung nagpunta ba sa iyo si Shall. Hindi pa kasi siya umuuwi,

eh. Tumawag ako sa cell niya pero unattended.”

Bagaman nagpasintabi, demanding ang tono ng half-sister niya.

“Nasa labas. Tulog pa yata. Kakausapin mo?”

“Huwag na. Pakisabi na lang tumawag naman siya kung di siya makakauwi para di nag-aalala ang mga tao dito. Sige, salamat.”

“Teka, Stacey. Ano ba’ng problema n’yo ni Shall? Sabi niya buntis ka daw pero parang ayaw mo sa baby. Ayaw mo rin namang makipag-usap sa kanya. Puwede bang kahit for your baby’s sake huwag kang magpapadalos-dalos?”

Hindi niya ugaling makialam sa problema ng iba. Katuwiran niya, wala naman siyang maipapayong maganda. But this time, hindi niya napigilang magkomento.

Kitang-kita kasi niya kay Shall ang labis na pamomroblema kahit na pilit nito iyong itinatago. At para sa isang tulad nitong binibiro lang ang problema gaano man kaseryoso, ang pananamlay at di maikubling lungkot ay enough indication na masakit na para rito ang nangyayari.

“Kailan ka pa nagkaroon ng ganyang maturity

para mag-advice sa akin, Grace?” tuya ni Stacey. “Ayusin mo muna ang sariling patapon mong buhay bago mo pakialaman ang sa ’kin!”

“Aba, mataray! Nag-aalala lang naman ako!” taas-kilay na tugon niya.

Sa halip na sumagot ay biglang pinutol nito ang linya.

“Bruha talaga. Nanggising na nga, siya pa ang may ganang magalit,” iling niya.

“Boa constrictor ba ang nasa tiyan mo, Pepper? Naka-ilan ka na, hindi ka pa din busog?” puna ng bass guitarist ng *Cool Peppers* na si AJ sa tindi ng capacity ng tiyan ng dalaga.

Araw ng Lunes at lahat sila ay bakante ang raket calendar. Nagkayayaan silang tumambay sa fine dining restaurant ng mga Conjuangco. And since karamihan sa mga parokyano ng restaurant ay mayayamang negosyante at mga kilalang personalidad, napagti-trip-an nilang sindakin ng out-of-this-world attires nila ang very business-like atmosphere ng lugar.

“Oo nga, lugi kami lagi sa bayaran. Isang plato namin tatlo mo, eh,” angal ni Jhong. Tulad ng iba pang

kabanda ay oblivious ito sa mga tinging ipinupukol sa kanila ng ibang diners dahil sa porma nila.

“Siyempre, I’m a growing girl. Natural na malakas akong kumain,” katuwiran niya habang sinasaid ang rootbeer sa baso ni AJ.

“Growing girl! Hindi halata. In fairness, ah,” patutsada ni Keempee na tukoy ang di-katangkarang height ng dalaga.

Sa apat na binata ay ito ang pinakamaliit pero abot hanggang tainga lang nito si Pepper.

“Di ko talaga pinapahalata, mahirap na’t baka makuha pa akong model, eh, di nawalan ng tao sa banda,” kubit-balikat niya. Ang di pa nababawang braised spareribs naman ni Toti ang tina-target niya.

“O, o, oy, kakainin ko pa ’yan,” takip ni Toti ng isang kamay sa plato habang ang isa naman ay hawak ang cellphone na kanina pa nakadikit sa tainga. Kachikahan nito ang latest na pinopormahan.

“Si Pepper, eh, pinagdidiskitahan na naman ang pagkain ko. Malnourished na nga ako dahil dito, eh, lagi akong inaagawan ng pagkain,” sumbong nito sa kausap.

“Oy! Matagal ka nang malnourished, ’no! Di lang

halata kasi akala ng iba polio victim ka!” pang-aasar niya.

“Do you know her?” untag ni Tony Chung sa katabing American businessman. Tila napagkit na sa nag-iisang dalaga sa mesang malapit sa kanila ang berdeng mga mata ng kasama nito.

Kung simpleng disapproval lang dahil sa atrocious na hitsura ng dalaga at ng mga lalaking kasama nito ang nadarama ng binata sa pagkakatatig o may bahid na disgusto iyon ay di matiyak ni Tony. Mabilis ding na-blanko ang ekspresyon ng katabi.

“Yes,” tipid na tugon ng kanina lang ay nakatatig na binata, ignoring his companion’s silent query. Ipinagpatuloy nila ang pag-uusap tungkol sa negosyo.

“Traise! Hey, Traise, my Man!”

Nagmula ang tinig na iyon sa babaeng kanina lang ay halos tunawin sa titig ni Travis Daniels.

Nang lingunin ng dalawang lalaki ang tumatawag na dalaga ay palapit na ito sa mesa nila. Ang mga kasama nito sa mesa ay curious lang na nakamasid.

Sa lakas pa ng boses ng dalaga, pati ibang diners ay napagawi rin sa kanila ang tingin. Huwag

nang idagdag ang costume nitong mas bagay sa perya. Kulang na lang ay tarot cards at puwede na itong manghula. Pero bale-wala rito ang atensyong nakukuha.

“Long time, no see, ah. Kailan ka pa dumating? Magtatagal ka ba rito? Kailan ang balik mo ng Boston? Kina Shall ka ba nag-i-stay? O pinabuksan mo’ng bahay ni Mrs. Claudia?” sunud-sunod na usisa ni Pepper kay Travis, half-brother ni Stacey. Ang alam niya ay sa Boston ito naka-base.

Si Travis Daniels na ang humahawak ng *Dancorp*, ang manufacturing company na itinatag ng nagretiro na nitong ama na si Conner Daniels. Ayon kay Shall, balak ng binatang magtayo ng branches ng *Dancorp* dito sa Asia. Malamang ay iyon ang dahilan ng maaga kaysa kinagawian nitong pagbabakasyon dito sa Pilipinas.

“Oh, hello!” bati ni Pepper nang mapansing nakatanga sa kanya ang middle-aged man na kausap nito.

“Pasensya na’t di ako agad naipakilala ni Traise. Ikinahihiya kasi ako niyan, eh. I’m Pepper by the way, and you’re...?”

“Tony Chung,” pakikipagkamay ng lalaki bago

bumaling nang may pagtataka kay Travis. Buong akala nito ay hindi marunong mag-Tagalog ang kasama bagaman alam nitong half-American lang ang binata.

“I thought you couldn’t speak Filipino?” Walang akusasyon sa tinig.

“Of course he can! Taun-taon, eh, nagbabakasyon siya rito. Magaling pa nga sa aking magmura sa Tagalog ’yan, eh,” pagbibigay-alam ni Pepper.

“You didn’t ask,” katuwiran ng binata kay Mr. Chung. Hindi man lang natigatig ang kapormalan ni Travis. Ikiniling nito ang ulo bilang pag-acknowledge sa presence niya. “Grace.”

“Eww! It’s Pepper, not Grace.” Gusot ang ilong ng dalaga.

“And it’s Travis, not Traise,” ganti ng binata.

“Mas maganda ang Traise,” kubit-balikat niya. Aliw na aliw siya sa tuwing mapapatiim-bagang ang lalaki sa bawat pagtawag niya rito ng ‘Traise.’ It’s her way of getting back at him sa pagtawag sa kanya ng ‘Grace’ at sa di nito itinatagong distaste para sa kanya.

Secretly ay ‘Ice Man’ ang taguri niya rito dahil sa kalamigang lagi nitong ipinapakita. Na para bang

hindi normal dito ang magkaroon ng emosyon. Kaya naman kapag napapa-react niya ito kahit sa simpleng nickname niya para rito ay naaaliw na siya.

“Are you related?” Hindi na napigilan ni Mr. Chung ang curiosity sa kaswal na familiarity ni Pepper sa binata.

“Hmm, in a way, although di kami blood relatives. Sister ko kasi ang sister niya pero di kami magkapatid, gets mo?”

Marahang tumango sa lalaki.

“If you don’t mind, we’re in the middle of an important discussion here, Grace. And I think your friends are waiting for you,” disimuladong pagtataboy ni Travis sa dalaga, in a flat but too polite a tone. Nilingon pa nito ang mga kabarkada niyang nagsisitayuan na.

“Oh! Pero di pa tayo nagkakausap. Ang hirap mo pa namang hagilapin kahit nandito ka na mismo sa Pinas. Minsan tuloy, feeling ko, sinasadya mong huwag magpakita at sagutin ang mga tawag ko,” kunwa’y nagtatampong sabi niya.

“I’ll be here for a month. I’ll call you when I find the time.”

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

Kahit napipilitang magbitiw ng pangako ay hindi iyon halata sa blangkong ekspresyon ni Travis. Kung maaari ay gusto nitong kalimutan ang malayong koneksyon sa dalagang wala na yatang balak mag-move forward ang maturity kaya nakukuha pang mag-costume na parang bata.

2

Sa narinig ay biglang umilaw ang mga mata ni Pepper sa tuwa. Alam niyang sinabi lang iyon ni Travis para mapaalis na siya. Nevertheless, kahit papaano ay kilala niya ito. Alam niyang hindi ito mangangako ng bagay na hindi nito balak tuparin gaano man nito kinaaayawan ang bagay na iyon.

“Okay! Ibibigay ko sa iyo ang number ko.”

“I already have it, binigay ni Stacey.”

“Really? Hiningi mo? You, ha! Siguro may crush ka na din sa 'kin,” nakangising tudyo niya na ikinaangat ng kilay nito.

“Your friends are waiting,” malamig na saad nito.

“Umm, pero baka di mo ako ma-contact sa cell ko, lagi akong low batt, eh. Sira na yata'ng battery, wala naman akong landline...”

A flicker of relief swiftly passed through his eyes bago muling naging aloof ang expression nito.

“Kunin mo na lang muna itong number ni Jhong. Pag nakabili na ako ng bagong cellphone, saka mo na lang ako tawagan d'un.”

Pigil ang halakhak na nagbaba siya ng tingin pagkakita sa barely concealed irritation nito. Mukhang unti-unti na niya itong natutunaw. At sa nakikita niyang mga emosyon sa lalaki, natitiyak niyang kaunti na lang at itataktak na siya nito.

“Pahiram.” Inagaw niya ang hawak nitong *Montbanc* pen. Matapos isulat ang number ni Jhong sa dinampot na napkin ay isinilid niya iyon sa front pocket ng suit nito.

“There. Don’t lose it and call me ASAP, ha!” bilin niya habang nakaturo rito ang mamahaling fountain pen.

“Ang cute ng pen mo. Silver. Akin na lang, ha? Pandi-display ko.”

Bago pa ito makatanggi ay dumerecho na sa hidden pocket ng suot niya ang pen nito. Napatingin siya sa mesa.

“Wow! Steak! Patikim!”

“What the—” Hindi ito nakahuma nang dukwangin niya ang hindi pa rin nababawasang pagkain nito. Nakahiwa na siya at nakasubo ng steak sa ilalim ng manghang tingin ni Mr. Chung at bugnot na disapproval ni Travis.

“Eww! Angal mo ito sa chef, di masyadong luto,” kunwa’y advise niya pagkalunok ng steak na rare ang pagkakaluto. “Or if you want, ako na lang. Tatal, close ako sa may-ari nito. Dapat na niyang palitan ang chef niyang di naman pala marunong magluto.”

“No need, Grace,” nakatiim-bagang na sabi nito. Di nito madesisyunan kung alin ang mas effective way para mapalayas ang dalaga—a swift hard kick on her posterior or forcefully dragging her away.

“Oh, c’mon! Huwag ka nang mahiya, para ka namang others. Ako’ng bahala sa ’yo.”

Nagsasayaw sa pagkakaaliw ang mga mata ni Pepper sa nakikitang kalituhan ni Mr. Chung at pagpipigil ng gigil ni *Ice Man*. Mukhang gusto na siyang gawing ‘chop-chop lady’ ng binata.

“Hindi na kailangan, Grace. I like my steak that way. I’m sure you have to go now, don’t let us keep you. Please allow me to escort you back to your friends.”

Animo three-year-old ang kausap na mariing binigkas ni Travis ang bawat salita.

“Ba’t gusto mo ng hilaw? Cannibal ka ba?”

“If only. Then I wouldn’t have any trouble getting

rid of you,” he muttered under his breath. Mahigpit ang hawak nito sa braso niya habang iginigiya siya palayo sa mesa nito at ni Mr. Chung.

“Wait! Magpapaalam muna ako kay Mr. Tony.”

Pinasadsad niya sa sahig ang sapatos para mapilit huminto si Travis.

“Bye, Mr. Tony! See you!” nakangising kaway niya sa negosyanteng kinabakasan ng anxiety ang mukha. Matapos itong tumango ay kinaladkad na ulit siya ni Travis.

“Hindi na uso ang mga tulad mong kind and gentle. Sana kunin ka na ni Lord,” matamis na saad niya.

“You’re welcome. I only bring out my gentlemanly skills when dealing with very special ladies such as you. See, even your friends think you’re so special they left without you,” sarkastikong balik nito. Tinutukoy nito ang mga kasamahan niyang nakalabas na sa parking lot at doon naghihintay. Tanaw nila ang mga ito sa glass walls ng restaurant.

“Oh, please, enough with the compliments. Sobrang special na ng treatment mo sa akin baka isipin ng iba, special child ako,” aniya na tila flattered, may pahawak-hawak pa siya sa dibdib.

“Aren’t you?”

“A special child! Ako? No way! Gifted child, oo, pero di ako autistic, ’no. Baka ikaw pa. Kung kumilos ka’y para kang may sariling mundo, eh. Siguro nga autistic ka, ’no? Aminin mo na, tayu-tayo lang naman. Promise, di ko ipagsasabi,” pang-aasar pa niya na itinaas ang isang kamay sa aktong kunwa’y manunumpa.

Pinili lang ni Travis na manahimik habang inilalabas siya ng restaurant.

Natatawa na napapangiwi ang barkada pagkakita sa dalawang papalapit. Kilala na ng mga ito si Travis at kabisado na nila ang obsesyon dito ni Pepper, maging ang hobby nitong buwisitin ang binata.

Bahagyang tumango lang si Travis sa apat na binata bago bumalik sa loob ng restaurant.

“Thanks a lot!” pahabol ni Pepper na malawak pa sa Africa ang ngisi.

“Bakit parang hindi coincidence lang na dito ka nagyayang kumain, Pepper? Alam mong nandito si Travis, ’no?” nagdududang usig ni AJ.

“Siyempre, alangan namang dahil sa luto ng chef nina Toti na pinagtitiisan ko lang.” Pamilya ni Toti

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

ang may-ari ng lugar. “Tumawag kasi si Shall kagabi. Narinig niya kay Stacey na may lunch appointment dito si Traise. Bruhong Marshall nga na ’yon, eh, n’ung isang araw pa pala dumating si Traise pero kagabi lang ibinalita. Sayang! Type ko pa namang i-welcome siya with open arms sa airport pa lang,” nakasimangot pang saad niya.

“Believe talaga ’ko sa fighting spirit mo, Kapatid. Kahit kahanay ng mga bacteria, virus, at fungus ang tingin sa ’yo ni Papa Travis, endless love ka pa rin,” tukso ni Keempee.

“Natural! Pasasaan ba’t mapapasaakin din siya!” deklara niya.

Lagpas alas doce na ng tanghali ay sarap na sarap pa rin sa paghihilik si Pepper.

Alas cuatro nang umaga na siya nakauwi galing sa rehearsals ng stage play na sinalihan. Hindi pa nakuntento, nakuha pa niyang mangulit sa text hanggang alas siete. Kundi pa sa sunud-sunod at malalakas ang katok sa labas ng pinto niya ay di pa siyang magiging.

“Ungh...” ungol niyang itinakip sa mukha ang yakap na unan. Umaasa pa rin siyang magsasawa’t

aalis din ang sinumang istorbo sa paglalakbay niya sa mundo ni *Morpheus*.

“Sandalii! Istorbo...” pagbubusa niya nang patuloy pa rin sa pambubulahaw ang nasa pinto. Pilit niyang ibinangon ang inaantok na katawan.

“End of the world na ba’t ganyan—” Napatda siya nang mapagbuksan ang mala-tigreng anyo ni Stacey.

“Stace! Ano’ng—”

“Malandi! Ang kapal ng mukha mo! Mang-aagaw!” duro nito sa mukha niya.

“Teka, teka. Ano ba’ng problema mo, Stacey?”

Napilitan siyang umatras palayo nang tangkain nitong hablutin ang buhok niya. Puno siya ng pagtataka at di makapaniwala sa bayolenteng inaakto ng kapatid. Kailan pa ito nawalan ng poise at dignidad sa katawan? Ngunit ngayon ay animo palengkerang bumibili ng away ang babae.

“Manang-mana ka sa ina mo! Mang-aagaw! Pero kung inaakala mong ipauubaya ko si Shall sa ’yo, nagkakamali ka! Habang-buhay kang magiging kabit! Kerida!” pagtutungyaw nito habang patuloy sa pagtatangkang saktan siya.

Noon lang luminaw sa kanya ang dahilan ng

panunugod nito. Pilit niyang hinahawakan ang mga kamay ni Stacey pero sa galit marahil kaya mas malakas ito. Ilang sampal din ang umabot sa pisngi niya bago ito napigil ng mga braso mula sa likod nito. Gulat siyang napaangat ng tingin mula sa pagkakayuko. Kahit papaano ay naiwasan niya ang mga pangangalmot at pananapak ng kapatid.

“Travis!” bulalas niya na hindi namalayan ang pagdating nito.

“That’s enough, Stacey! Think of your baby!” maawtoridad na sawata nito nang magpumiglas si Stacey para muling abutin siya.

“I want to kill that bitch, Travis! She ruined my marriage!”

“I know but this isn’t doing you or the baby any good. Come, I’ll take you home,” malumanay na sabi ng binata bago inakay palabas ng bahay si Stacey. But not before throwing a meaningful glare at Pepper’s direction, na sinagot lang niya ng pagkibit-balikat.

Pagkarinig sa ugong ng papalayong sasakyan ay saka lang siya nakahinga nang maluwag. Niyuko niya ang mga nananakit na braso at nakita ang mahahabang galos na likha ng matutulis na kuko ni Stacey.

Nakuu! Kung hindi lang niya inaalala ang delikadong kondisyon nito, nasapak na niya ang bruha. Inistorbo na't lahat ang tulog niya, ininsulto na siya, sinugatan pa ang flawless skin niya. *Kaasar talaga!*

“You deserved it!” basag ni Travis na nakita ang pagngiwi ni Pepper habang sinisipat ang mga galos sa braso. Gamit ang sariling kotse, sinundan nito ang sasakyan ni Stacey. The woman was sane enough to bring a driver with her. Pagkahatid sa kapatid sa sasakyan ay bumalik ang lalaki sa bahay ng dalaga.

Nagulat man sa muling pagsulpot ni Travis ay hindi siya nagpahalata. Tumuloy siya sa kusina at inalok ito ng maiinom na parang walang nangyari.

Nakapamulsang sumunod ito sa kanya pero nanatiling nakatayo sa tabi ng divider na siyang tanging naghihiwalay sa kusina at sala.

“There are hundreds of other men out there, Grace. Leave Marshall alone. Kasal na sila ni Stacey at magkakaanak na. Kung wala kang pakialam sa sariling kapatid mo, at least think of the child,” pormal na payo nito.

“Hindi lang pala si Stacey ang praning, ikaw din,” arko ng kilay niya. May palagay siya na intro

pa lang ang sinabi nito kaya inilapag muna niya ang hawak na mga baso. Mahirap na, baka maibato niya lang dito, sayang.

“I don’t give a damn about Marshall and you. But I care about Stacey. Unfortunately, she wouldn’t even consider leaving him. So it’s you who has to be taken out of the picture.”

“Really? At ikaw ang gagawa n’on? How do you plan to do that? And what makes you think you’ll succeed?” gatong niya sa maling akala nito. Convicted na siya at muntik nang ma-lethal injection ng mga kuko ni Stacey, no use ang mag-plead siya ng not guilty. Laking tawa lang niya pag itinama na ni Shall ang mga halusinasyon ng praning na magkapatid.

Umarko ang mga kilay nito and a humorless smile touched his firm lips bago ito humakbang palapit sa kanya.

Nanlaki ang mga matang napaatras siya. *’Sus ginoo ko po!* Will he brutally murder her?

“Scared, Grace?” anito with faint mockery in his cold green eyes. Nabasa nito ang takot na saglit dumaan sa mga mata niya.

“Hindi, ah!” deny niya na lumapit pa rito. Kaso, lalo lang na-emphasize ang laki ng agwat sa mga

pigura nila. Ni hindi siya umabot sa balikat nito. Kahit isang kamay lang siguro ay kayang-kaya siyang ihagis nito.

“Good, then maybe I’ll enjoy getting rid of you for Stacey’s sake,” anito, sabay abot sa ulo at balikat niya.

“Puwedeng mag-request?” Boses-daga na siya at feel na ring maging daga para makatago sa lungga.

“Huh?”

“Wag mo ’kong sakalin, please? Pangit daw ang bangkay pag sinakal, eh. Saksakin mo na lang ako. Don’t worry, matalas ang kutsilyo ko, di ka mahihirapan.”

Tumitig si Travis sa mga mata niya, unsure kung seryoso o nagbibiro siya. Nang mabakas ang totoong pagkabahala sa mga iyon ay napapailing na binitawan siya ng binata.

“I wasn’t about to strangle you.”

“Eh, ba’t hinawakan mo ’ko sa leeg?”

“I was about to kiss you. To show you that I’m far better than Marshall. Hindi ka pa makakasira ng pamilya since I’m not married,” kubit-balikat nito na ikinanganga ni Pepper.

“Naman! Ba’t di mo agad sinabi?” padyak niya na pumormang ilalapit ang nakahaing mga labi sa binata. “O, hayan na, halik na bilis!”

Subalit umarko lang muli ang mga kilay nito at tinalikuran na siya. Nasa pinto na ito nang huminto at nilingon siya na con todo simangot sa panghihinayang. Pagkakataon na iyon! Kagigil talaga!

“Stay away from Marshall, Grace. He’ll never leave Stacey,” ang iniwang mensahe nito.

“Kunsabagay, hereditary daw kasi ang sira sa ulo, eh. Malamang sa side ng tatay n’yo namana ni Stacey ang pagkabaliw!” komento ni Leroy, ang may-ari ng *The Bar* at tumatayong manager ng *Cool Peppers*. Wala sa loob na nailahad ni Pepper ang mga pangyayari habang nanonood sila ng DVD sa sala niya.

“Mismo! Di ba, may tagas din ’yung kapatid ng tatay mo na look alike ni Madam Auring? Si Señora Dorinda? Divina?” ani Toti na panay ang papak ng *Boy Bawang* at butong pakwan.

“Davida,” pagtatama ni AJ. “Hindi naman baliw ’yon, merthiolate addict lang.”

Bumungisngis sila. Aliw na aliw ang mga

kabarkada na pag-trip-an ang tiyahin niya na ubod ng yabang at mapangmata.

“Pero ba’t mga babae lang sa lahi nila ang affected? Sina Pepper lang ang laging kinukulang sa iodine,” kunwa’y nagugulumihanang usisa ni Jhong.

“Natural, para hindi naman masabing sobrang perpekto namin. Maganda, talented at hanep na nga’ng sex appeal namin gagawin pa ba kaming matino? Baka mahalata nang paborito kami ni Big Guy,” aniyang nilagok ang laman ng hawak na bote ng beer.

“Alien!” sabay-sabay pang sambit ng limang binata nang nakataas ang mga kamay.

Nagbibiruan pa rin sila nang dumating ang lulugolugong si Shall na may bitbit na maleta. Matapos ang pasakalye, nagtanong ito kung puwedeng makituloy muna sa bahay niya. Nang tumango siya ay tila wala pa rin sa katinuang nagtuloy-tuloy ang lalaki sa kanyang kuwarto.

Nagkatinginan silang lahat.

“Patay kang Pepper ka,” sambit ni Keempee bago kakamut-kamot sa ulong sumunod ang dalaga sa silid.

“Okay, give,” untag ng dalaga pagkapasok. Tulalang nakahiga sa kama niya ang kaibigan.

“Gusto nang makipaghiwalay ni Stacey. At kahit ano’ng pilit ko, hindi niya sinasabi kung ano’ng ginawa kong kasalanan sa kanya. Basta tapos na raw kami,” patag ang tonong tugon nito.

“Ako, alam ko kung bakit.” Naupo siya sa tabi nito at sinimulang ikuwento ang ginawa ni Stacey kaninang umaga.

Kunot-noong napabangon ito. Hindi ito makapaniwala at alanganing matatawa na maiinis. Ni minsan kasi sa haba ng pagkakakilala nila ay hindi sila nagkaroon kailanman ng malisya sa isa’t isa. Para na rin silang nag-commit ng incest kung na-attract sila dahil malapit pa sila sa magkapatid.

3

“Nababaliw ba siya?” ulit ni Shall sa naging reaksyon ng buong barkada kanina nang ikuwento niya ang nangyari. “Inaway at pinalayas niya ako dahil nagseselos siya sa iyo?”

“Hmm... hindi kaya gawa-gawa lang niya 'yon pero ang totoo'y gusto lang talaga niyang iwan ka na? Kasi may ibang lalaki na siya! Malamang gan'on nga 'yon,” malisyosang sabi niya na mabilis inilagan ang ibinato nitong unan.

“Wala ka talagang kuwentang hingan ng tulong. Imbis na pagaanin mo ang loob ko, pinabibigat mo pa lalo!” asik nito.

“Aba! Malay mo. Tignan mo naman kasi ang hitsura mo, losyang ka na. Simula nang umalis ka sa banda, nagmukha ka nang pindangga. Sino ba namang gaganahan sa 'yo! Ang ganda-ganda ni Stacey, manang-mana sa 'kin, mas sexy nga lang ako. Kaya di imposibleng humanap siya ng babagay sa beauty niya,” pang-aasar pa niya lalo sa natutuliro nang isip nito.

“Ewan ko sa 'yo! Uuwi na nga ako. Hindi

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

ako papayag na matapos niyang pagsawaan ang kaguwapuhan ko, eh, basta na lang niya ako ibabasura.” Medyo light na ang tono nito, nahawa na sa mood niya.

Lihim siyang nakahinga nang maluwag pagtayo ni Shall para lumabas ng kanyang silid. Baka kasi kapag nalaman ni Stacey na nakitulog ito sa bahay niya ay salubungin naman siya ng kutsilyo at baril nito bukas ng umaga.

Pero kung si Travis ang susugod at itutuloy ang napunding balak na paghalik sa kanya kanina, aba, siya na mismo ang susundo rito!

It was certainly not his usual hangout. The music was too loud, the light was too dim, the space too crowded, and the crowd too wild.

Pero para sa nakababatang kapatid, pinagtiyagaan ni Travis ang *The Bar*. Kailangan niyang makausap si Grace. Wala siyang balak na makisuyo sa kabarkada nito para makausap ang dalaga. And since he could not reach the blasted girl at her house, he decided to pay her a visit sa mismong pinagtatrabahuhan nito. Iyon ay kung trabahong matatawag ang ginagawa nito.

Sa bokabularyo niya, her *job* was just a bloody excuse to party all week.

He already knew Grace's tasteless choice in clothing pero nabigla pa rin siya sa nakitang hitsura nito habang kumakanta on stage. She looked like a freak. Mamamatay ang butiking malalaglag sa tirik na tirik nitong buhok. At kung buhay pa ang stepfather niya, mamamatay ito uli pagkakita sa anak.

Malayo siya sa stage pero kitang-kita niya ang kabuuan niyon mula sa pinili niyang mesa. Ayaw niyang makita siya kaagad nito. Heaven knows what she would do if that happened kaya hinintay muna niyang matapos ang first set nito bago siya lumapit dito. Pababa na ito sa stage.

Buong akala niya ay magugulat ito pagkakita sa kanya. Pero ngumisi lamang ito na para bang ini-expect siya, nag-thumbs up sign pa sa mga ka-banda. Bago pa siya nakapagsalita ay hinila na siya ng babae sa palagay niya ay dressing room sa gilid ng stage.

“Itutuloy mo na!” excited na sabi nito.

“What?”

“Di ba, hahalikan mo ako? Sige na, halik na!”
Inginuso pa nito ang mga labi at pumikit.

“You’re crazy. Mas gusto kitang sakalin kaysa halikan,” aniya na hindi itinago ang disgusto sa tinig. But he really should hand it to her. It was quite impressive the way she could be so carefree and animated gayong kasalukuyang nawawasak ang tahanan ng kapatid niya, na kapatid din nito.

“Bakit na naman? Akala ko ba tapos na tayo sa fight scenes at romantic scenes na tayo!” nakapamaywang na untag nito.

“I told you to stay away from Marshall but you didn’t. Wala kang pakialam sa mga nasasaktan mo so long as nasusunod ang gusto mo. Why, Grace, can’t you find a guy of your own that you have to steal another woman’s husband? Or do you just hate Stacey so much you’d do anything to make her miserable?” he demanded angrily as he remembered his sister’s tear-stricken face that morning. Nagsumbong si Stacey na nagkita raw muli ang dalawa kagabi lang.

“Hmm... know what? Pagagapangin kita sa rock salt at patatayuin sa ulo mo bago ko tanggapin ang sorry mo. Pero kung hahalikan mo ’ko ng mga ten minutes siguro, patatawarin na kita agad.” Humalukipkip ito at itinapik-tapik sa labi ang isang mahabang hintuturo na kasing-itim ng lipstick nito ang nail polish.

“You’re dreaming, Lady. Between the two of us, it’s you who got a lot to be sorry for.”

Bumuntong-hininga ito at iiling-iling na umupo sa mahabang sofa na nasa isang side ng parihabang silid.

“Aaminin ko na nga sa ’yo, mukhang bilib na bilib ka na diyan sa fairy tale ni Stace, eh.”

“Stacey’s not lying and if you’re thinking of denying your affair with Marshall, save it. That would be the fairy tale.”

“Believe it or not, wala talaga kaming relasyon ni Shall. Di naman ako engot para magtiyaga sa kanya, ’no. Si Stacey lang naman ang feeling habulin at heartthrob ang asawa niya.”

“So you’re saying that your relationship with Marshall is purely platonic? C’mon, Grace, I wasn’t born yesterday. You and Marshall are closer to each other than the pages of a book. Why, you even share the same bed when he stays at your house! And he’s always bragging ’bout you to Stacey,” he disgustedly said.

“Para na kaming magkapatid ni Shall!” depensa niya.

“Stacey’s my sister but I don’t sleep on the same bed with her!” giit ni Travis.

“Siyempre! Kung tatabi ka sa kanya, saan matutulog si Shall?” ganting pagtataas niya ng boses. *Amazing!* Gustong mapailing ni Pepper. Ngayon ay nasaksihan na niya ang mga emosyong ginuguwardiyahan ni Travis sa likod ng malamig na maskarang lagi nitong inihaharap sa tao. *Nakakatakot pala!* Tila atat na itong itaktak siyang parang bulalo. Pero nunca siyang aatras dito! Hindi por que type niya ito ay basta na lang niya hahayaang insultuhin nito ang pagka-human niya.

“You think this is some sort of sick joke, don’t you? You don’t care at all about Stacey’s condition or her baby’s,” he flatly stated.

“Of course I care! Pero ano’ng magagawa ko kung mas gustong mag-martyr-martyr-an ni Stacey at ayaw makinig sa totoo? Produkto ako ng kulang-kulang na pamilya, remember? Tingin mo, gan’on ako kamiserable na pipiliin kong maging parte ulit ng panibagong sirang pamilya?” mapait na salag niya.

Napatiim-bagang si Travis at tinitigan sa mga mata si Grace. Yes, it was there. The sadness and bitterness he saw fleetingly pass behind her witty and cheerful comebacks. At sa palagay niya, there was

also a hint of moisture in her flashing brown eyes. She might be guilty of adultery, but it's obvious that she was now sorry as hell. Or maybe, the affair had not really started yet. He could give her some credit for trying not to repeat her mother's mistakes.

But how long could she hold out and deny her feelings for Marshall? giit ng utak ni Travis.

Sa tagal ng pagkakakilala nito at ni Marshall, marahil hindi lang gaanong napapansin ng dalawa na tumawid na pala sa simpleng pagkakaibigan ang damdamin ng mga ito. Natuklasan lang kung kailan huli na dahil kasal na si Marshall kay Stacey.

As he watched the wariness slowly creep into her expressive face, an idea took shape inside his head. Naalala niya ang mga panunukso ni Pepper. Nahuhuli niyang lagi ang atraksyon sa mga mata nito para sa kanya. He could draw her attention away from Marshall by encouraging her unwarranted attraction for him. It would be very underhanded of him but what choice did he have? He considered it his duty to ensure his only sister's happiness. And if he had to lie in order to achieve that, then so be it.

“Do you want to save their marriage?” simula ng binata.

“Huh?” Halatang nabigla ito sa biglang pagbabago ng tono niya at pagkalma ng anyo. “Of course.”

“Good. Then go along with my plan.”

“Which is...” untag nito.

“Pretend we’re involved with each other. That way, we’ll erase all of Stacey’s doubts about you and Marshall,” he said expecting her sharp refusal. Pero tulad kanina, sinorpresa siya ng agarang pagtango at pagngiti nito.

“I like your plan! No, I love it! Okay, kailan tayo mag-i-start? Dapat sweet tayo sa isa’t isa. Buti pa, mag-practice tayo.” And so saying, she launched herself into his arms and kissed him fully on the lips.

Bakas sa mukha ni Shall ang labis na pagkagulat at pag-aalala nang makita si Pepper sa pintuan. Natarantang biglang napalingon ito sa likuran, hinahanap si Stacey. Kasunod lang nito ang asawa kanina, nais ding makita kung sino ang bisitang dumating. Subalit inantala pala ito ng maid upang tanungin tungkol sa hapunan.

“Ano’ng ginagawa mo dito, Pepper? Gusto mong pulbusin ka ni Stacey? Umuwi ka na, itawag mo na

lang ang sasabihin mo,” anas ni Shall na hinawakan sa braso ang dalaga upang palabasin. Hindi nito napansin si Travis na nakatayo sa likod niya.

“She’s with me, Marshall,” Travis claimed with a smug look in his cold green eyes. He pulled Grace to his side and observed Marshall’s shocked reaction. Kung may panibugho o pang-uusig man sa likod ng mga mata ni Marshall nang sulyapan ang dalaga, mabilis nito iyong naitago sa natutuwang halakhak.

“Taas-kamay na talaga ’ko sa ’yo, Kapatid. Anong gayuma’ng ginamit mo?” biro nito kay Pepper.

Nakanguso siyang umismid. “For your information, hindi ko po siya ginayuma, ano? Talaga lang malakas ang appeal ko at nakasaad talaga sa tadhanang kami ang para sa isa’t isa! Di ba, my Buko Pie?” matamis ang ngiting tingala niya sa binatang katabi, pinapungay pa ang mga mata.

Muling napahalakhak si Shall, marahil dahil sa disgustong dumaan sa mukha ni Travis sa ginamit na endearment ni Pepper.

“Travis! I thought I heard your voice,” nakangiting lapit ni Stacey pagkalabas ng dining room. Dahil natatakpan ng katawan ni Travis si Pepper, hindi kaagad nito napansin ang dalaga.

“Who’s that with you? I hope—you!” Biglang nanlaki ang mga mata nito nang mabistahan si Pepper.

“I hope you don’t mind, Stacey, I invited her to have dinner with us,” sansala ni Travis sa nahuhulaang eksenang gagawin ng kapatid. Wala sa loob na nagsumiksik si Pepper sa binata.

“Hi, Stace!” Fake ang cheerfulness sa pagbati at alanganin ang ngiti niya. Hindi niya tiyak kung alam ni Travis na may paghingi ng tulong ang kunwa’y confident na sulyap niya rito.

“How could you, Travis? I don’t want that bitch in my house! Pati ba ikaw tatraydurin ako?” Naghihinanakit ang tinig ni Stacey nang paglipat-lipatin sa kanilang tatlo ang tingin.

“Will you listen first before you jump to conclusions? I’ll explain everything but not here. We’ll talk in the library,” maawtoridad na sabi ng binata. Natahimik ang nagwawalang babae. Nagpatiuna pa itong lumakad but not before throwing Grace a venomous glance.

“Wala naman sigurong itinatagong baril o iba pang deadly weapons si Stacey sa library, ano!” paanas na untag niya kay Travis habang nakakapit

sa braso nito.

Nang sulyapan ni Travis si Marshall nahuli ng binata ang tila nagdududang tingin nito sa kanila. Mukhang hindi kumbinsido ang lalaki na nagkalapit na sila ng loob ng dalaga. He could not really blame the guy. Obvious talaga noon pa that he was avoiding Grace. Perhaps he had to double his efforts in seducing that girl upang masigurong matutuldukan na once and for all ang relasyon ng mga ito.

As expected, Stacey ranted and raved pagpasok nila sa library ngunit kaagad ding tumahimik nang awatin ni Travis. Noon lang nalaman ni Pepper na kapag pala sa kapatid ay dagling tumitiklop si Stacey. Pinakinggan nito ang inimbentong istorya ng binata ukol sa maling hinala nito sa kanila ni Shall. Pero hindi pa rin ito naniwala. Kahit siguro mismo ang Pope ang nagkuwento ay hindi pa rin ito maniniwala.

“What about all those instances na kay Grace ka umuuwi imbis na dito?” baling nito kay Marshall. “At akala mo ba hindi ko napapansing laging malayo ang tingin mo na para bang iniisip mo kung nagkamali ka ng piniling pakasalan!” sumbat nito nang sumali na sa pagpapaliwanag ang asawa.

“My God, Stacey! Dahil lang d’un pinaghinalaan mo na ’ko? And for the nth time, kaibigan ko lang si Pepper! Kahit bago pa kita nakilala, hindi ko naisip man lang na ligawan siya,” dugtong nito. “Kapatid lang ang turing ko sa kanya!” Ikina-arko iyon ng kilay ni Travis, sabay sulyap sa dalagang tinutukoy. Marahil naalala nitong iyon din ang sinabi niya rito noong isang araw.

“Kapatid! May kapatid bang itinatabi sa pagtulog? Gabi-gabi mong ka-text at sobrang lapit sa isa’t isa na pati anniversary ninyo ng asawa mo’y nakakalimutan mo pero hindi ang palabas sa theatre ng babaeng ‘yan!”

“Hindi ko na—”

Hindi na nila narinig ni Travis ang mga sumunod pang sinabi ni Shall dahil sa senyas nito ay tahimik silang lumabas ng library.

“Hay, salamat naman. Akala ko masasapak na naman ako, eh. Buti na lang kay Shall siya bumaling, mahirap nang may pasa ako para sa play namin bukas,” relieved na iling niya. Sumunod siya sa binata sa main living room ng bahay. Tatlong taon din siyang nanirahan doon.

Kay Stacey iyon napunta at kahit gusto ni Shall

na bumili ng sariling bahay, ayaw iwan ni Stacey ang bahay na iyon.

Dumerecho sa mini bar si Travis at nagsalin ng alak sa dalawang kopita. Iaabot na sana niya sa dalaga ang isa when he noticed that far-away look in her eyes habang iginagala ang paningin sa buong bahay. She was probably remembering the time when she used to live here with her father and his mother. He knew it was a tough time for her—losing her mother and then being foisted upon a father who didn't make it a secret that he didn't want her around. He doubted if his own mother was any help. Her father's relatives were worse. Lantaran kung kutyain ng mga ito ang dalaga at ang namayapa nitong ina. They called Pepper a bastard to her face at kabilang si Stacey roon.

Tuwing may okasyon lang siya narito noon since he was already working in his father's company that time. Still, he witnessed some of the stuff she had to endure back then. At kahit pa noon, likas na masayahin at palaban na ito. Hindi nito hinahayaang maapektuhan ang disposisyon nito ng masamang trato ng pamilya ng ama.

“I remember you leaving here when you turned eighteen. Where did you go? To your mom's relatives?”

untag niya nang makapagpasyang lapitan na ito at iabot dito ang isang kopita.

“Nope. Tumira ako sa isang apartment with three of my college buddies. Sila rin nga nagyaya sa akin na sumali sa teatro. Nagkahiwa-hiwalay na kami n’ung magsipag-asawa na sila.”

“Yeah, I heard from Stacey that you act, too.”

“Uh-huh. Pero sa stage plays lang, ayokong magpelikula din tulad ni Maggi. Mahirap na, baka mawalan ako ng privacy kapag sumikat na ako, eh.” Matter-of-fact ang tono nito pero nagsasayaw sa kapilyahan ang mga mata. Patunay na suot na nitong muli ang palabirong persona at limot na ang pag-alaala sa nakaraan nito sa bahay na iyon.

“Tanda mo ’yung suot ko n’ung last week sa restaurant? Costume ko ’yun sa isang play, fortune-teller ang role ko.”

“I see,” tango niya, “Paano ka naman napasok sa pagbabanda?”

Nanunudyo ang ngiting napasulyap ito sa kanya.

“Ano ’to? Interview with the Vampire? Sabi na nga ba’t interested ka rin sa ’kin, eh. Pero para patas, magtatanong din ako sa ’yo. Deal?”

Never Meant To Hurt You - Dream Giban

Bahagyang kumunot ang noo niya pero nang makita ang familiar gleam of stubbornness in her dark eyes, napilitan siyang tumango. He needed some answers.